PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 3, Issue 2 (2024)

# Paglalakbay ng isang bakla: An an analysis of the short story "Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat"

**Anwen Zyra Abarca**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: abarcaanwen@gmail.com

**Lymon John T. Abian**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: abianlymonjohn@gmail.com

**Kharyll Kate M. Araneta**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: kharyllkatearaneta@gmail.com

**Mary Bless J. Denila**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: maryblessdenila@gmail.com

**Galathea Katriz Divinagracia**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: gkdivinagracia@gmail.com

**Claire Nicole S. Dulaogon**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: clairenicoledulaogon@gmail.com

**Jelai Joy S. Pajaron**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: jelaijoypajaron@gmail.com

**Leigh Shanta M. Rubillar**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: leighshantarubillar@gmail.com

**Allyssa Mae S. Salvador**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: amsalvador@davaodoctors.edu.ph

**Alwynah Sophia T. Ubol**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: alwynahsophia.ubol090106@gmail.com

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

**Abstract:** This research concerns the analysis of the short story “Kung sa bawat pagtawag ay pagtawid sa Gubat” written by Alec Joshua B. Paradeza, from the Don Carlos Palanca Memorial Awards popularly known as the Palanca Awards for literature, a program gives literary honor to writers in the Philippines. The short story "Kung sa bawat pagtawag ay pagtawid sa Gubat” was awarded a third prize at Palanca Award in year 2022. It refers to the historical experience of a gay guerrilla named Ruel who has great love and was longing for his gay boyfriend Ino, who separated from him due to conflict in society, beliefs, and responsibility as a guerrilla. This research aims to describe and explore the perspective, traditions, and beliefs of the characters to share the historical event that pertains to the experience of same-sex couples. This study used a qualitative design method, where the researchers read the short story and presented the important events related to the history that it includes. The research is anchored to the theory of realism and romanticism that deeper the understanding and analysis of the researchers. This study is important to expand awareness and strengthen the conversation regarding the issues of identity, discrimination, and other people who prefer same-sex couple. This study will serve as a basis for future researchers to further cultivate the ability to understand and respect the current historical problem related to this study.

**Keywords**: Short Story, Discrimination, Gay

Date Submitted: May 7, 2024
Date Accepted: May 20, 2024
Date Published: May 25, 2024

# Paglalakbay ng isang bakla; Pagsusuri sa maikling kwentong “Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat”

**Anwen Zyra Abarca**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: abarcaanwen@gmail.com

**Lymon John T. Abian**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: abianlymonjohn@gmail.com

**Kharyll Kate M. Araneta**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: kharyllkatearaneta@gmail.com

**Mary Bless J. Denila**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: maryblessdenila@gmail.com

**Galathea Katriz Divinagracia**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: gkdivinagracia@gmail.com

**Claire Nicole S. Dulaogon**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: clairenicoledulaogon@gmail.com

**Jelai Joy S. Pajaron**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: jelaijoypajaron@gmail.com

**Leigh Shanta M. Rubillar**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: leighshantarubillar@gmail.com

**Allyssa Mae S. Salvador**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: amsalvador@davaodoctors.edu.ph

**Alwynah Sophia T. Ubol**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: alwynahsophia.ubol090106@gmail.com

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

**Abstract:** Ang pananaliksik na ito ay pumapatungkol sa pagsusuri sa maikling kuwentong "Kung sa bawat pagtawag ay pagtawid sa Gubat" isinulat ni Alec Joshua B. Paradeza, hinango sa Don Carlos Palanca Memorial Awards na sikat na kilala bilang Palanca Awards para sa mga panitikan, isang programang nagbibigay ng karangalan sa pampanitikan para sa mga manunulat sa Pilipinas. Ang maikling kuwentong "Kung sa bawat pagtawag ay pagtawid sa Gubat" ay kinagawaran ng ikatlong gantimpala sa Palanca Award noong taong dalawáng libó't dalawáng pû't dalawá. Ito ay pumapatungkol sa karanasan sa kasaysayan ng baklang girelya na si Ruel na may lubos na pagmamahal at pangungulila sa baklang kasintahang si Ino na nawalay sa kaniya, sa kadahilanang tunggalian sa lipunan, paniniwala, at responsibilidad bilang isang girelya. Ang pananaliksik na ito ay naglalahad ng layuning mailarawan ang pananaw, tradisyon, at paniniwala ng mga tauhan upang ibahagi ang makasaysayang pangyayari na pumapatungkol sa karanasan ng mag kasintahang may magkaparehong kasarian. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo pamaraan, kung saan binasa ng mga mananaliksik ang maikling kwento at inilahad ang mahahalagang pangyayari na kaugnay sa kasaysayan na kinabibilangan nito. Ang pananaliksik ay nakaangkla sa teoryang realismo at romantisismo mas lalong na lumalim ang pag-unawa at pagsusuri ng mga mananaliksik. Mahalaga ang pag-aaral na itong upang mapapalawak ang kamalayan at pagtibayin ang usapan na pumapatungkol sa mga isyu ng pagkakakilanlan, diskriminasyon, at mga ibang hinaharap ng mga taong may gusto sa parehong kasarian nila. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing batayan sa mga susunod na mananaliksik upang higit na malinang ang kakayahan sa pag-unawa at paggalang sa kasalukuyang suliranin sa kasaysayan na maiuugnay sa pananaliksik na ito.

**Mga Susing Salita**: Maikling Kuwento, Diskriminasyon, Kung sa bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat, Bakla

Petsa ng Pagpasa: Mayo 7, 2024
Petsa ng Pagsang-ayon: Mayo 20, 2024
Petsa ng Paglathala: Mayo 25, 2024

## PANIMULA

Maikling kuwento, isang pampanitikan na naglalarawan ng isang pangyayari, panloob na karanasan, o buhay ng isang indibidwal na puwedeng batay sa realidad o kathang-isip lamang. Ang mga tauhan, kapaligiran, at paksa ay ilan sa mga aspeto ng kuwento na tumutulong sa pagkilala sa mga detalye nito. Isang maikling kuwento mula sa Pilipinas ni Alec Joshua Paradeza "Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat" ay isa mga halimbawa nito.

Sa kasalukuyang panahon, ang pag-unlad ng panitikan na naglalarawan ng mga kuwento ng mga indibidwal na bahagi ng same-sex relationships ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagtanggap sa kanilang mga karanasan at hamon sa lipunan. Ang halimbawa nito ay ang kuwentong "Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat" ni Ruel, na naglalarawan ng kaniyang paglalakbay sa gitna ng pakikibaka sa militar, ang pag-ibig kay Ino, at ang pagtuklas ng iba't ibang mundong maaaring maging buhay.

Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malalim na kaalaman sa kuwento at karanasan ng mga indibidwal na bahagi ng LGBTQ+ community, maaaring mabuksan ang mga pinto sa pagtanggap at pagpapahalaga sa kanilang mga karapatan at dignidad. Sa gayon, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang isang paglalakbay sa mga kwento ng pag-ibig at paghihirap kundi pati na rin sa isang hamon sa lipunan na maging mas bukas at makatarungan sa lahat ng uri ng pagmamahal at pagtanggap.

Bilang pagsasalamin sa paksa, "Markova: Wartime Comfort Gay in the Philippines" ay isang pelikulang Pilipino na nagsasalaysay ng kuwento ng mga kabadingan sa panahon ng digmaan sa Pilipinas. Noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang bida ng pelikula ay si Walter Dempster Jr., kilala bilang "Markova," isang bakla na nagtatrabaho bilang komportang gay sa mga Hapones. Ang kwento ay naglalarawan ng mga pagsubok at pang-aabuso na kanyang karanasan bilang isang bakla sa panahon ng digmaan. Ipinakikita ng pelikula ang pagpapahirap ni Markova at ang kanyang mga kasamahan sa gitna ng karahasan ng digmaan at pananakop ng mga Hapones. Sa kabila ng mga pagsubok, ipinapakita ng pelikula ang pagkakaisa at pagmamahalan ng mga karakter habang nagtutulungan sila upang mabuhay at labanan ang diskriminasyon. Ito’y pagsasalamin sa mga karanasang pagdudurusa na nararanasan sa mga kagayanilang hindi lubusang tanggap ng lipunan, na nagdudulot ng hindi pagkakapantay na pagtrato ang nakakaranas ng diskriminasyon at pang aabuso.

Sa maikling kuwento ng “Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat” ay naglalarawan ng damdamin ng isang taongnagnanais ng panghabambuhay atmasayangrelasyon sa kanilang karelasyon na may parehong kasarian. Bukodparito, ang bida, isang miyembro ng isang naglalabanang pangkat, ay dumaranas ng matinding kalungkutan dahil sa kanilang kawalan ng kakayahang pumili ng mapayapang kinabukasan na nagbibigay-daanpara sa kalayaan. Ito ay naglalaman ng isang pakiramdam ng paghihiwalay mula sa kanilang kapaligiran, dahil ang kanilang pag-iisip ay hinuhubog ng kanilang nangingibabaw na damdamin at ang kanilang nais na sila ay makapagsama ng kanyang minamahal na si Ruel gaya ng isang normal na relasyon, walang diskriminasyon, karahasan, atbp.

Sa pag-uugnay ng dalawang ito, maaaring sabihin na pareho silang nagpapakita ng mga karanasan ng pakikibaka at paglalakbay sa loob ng mga pagsubok ng buhay. Ang dalawang akda ay nagpapakita ng tapang, pagkakaisa, at determinasyon sa harap ng diskriminasyon, karahasan, at iba pang mga pagsubok ng buhay. Bilang paglalagom, pamamagitan ng pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa mga kwento at karanasan ng mga indibidwal na bahagi ng LGBTQ+ community, maaaring mabuksan ang mga pinto sa pagtanggap pagpapahalaga sa kanilang mga karapatan at dignidad. Sa gayon, ang paksang ito ay hindi lamang isang paglalakbay sa mga kwento ng pag-ibig at pagsubok kundi pati na rin isang hamon sa lipunan na maging mas bukas at makatarungan sa lahat ng uri ng pagmamahal at pagtanggap.

Sa pagsusuring ito, mapapalawak ang kamalayan at pagtibayin ang usapan na pumapatungkol sa mga isyu ng pagkakakilanlan, diskriminasyon, at mga ibang hinaharap ng mga taong may gusto sa parehong kasarian nila. Nagsasalamin sa mga karanasan at pag-asa ng same-sex couple sa lipunan. Ang paglinang upang mas lalong maunawan at bigyang kalayaan sa pagtanggap at pagtangkilik ng mga maikling kwentong naglalahad ng pagpapahalaga sa kultura, lipunan, at damdamin ng mga baklang indibidwal ng Pilipinas.

*Layunin*

Layunin ng imbestigasyon na matukoy ang kabuuang karanasan at paglalarawan ng lipunang Pilipino na makikita sa kasaysayan at tradisyon ng Pilipinas. Buhat nito, nagresulta ito sa paglikha ng mga partikular na layunin sa pag-aaral:

1. Natutukoy ang mga karanasan ng isang “Same-sex couple” mula sa maikling kwentong “Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat”;
2. Naaanalisa ang impluwensya ng mga pangyayari sa lipunan sa maikling kuwento; at
3. Mauugnay ang pangyayaring naganap noon at ngayon sa mga karanasan ng mga “same-sex” couples.

## TEORETIKAL NA BALANGKAS

*Realismo na teorya*

*Teorya ng Sikolohikal na Realismo*
Ayon sa teoryang ito, ang panloob na buhay o dahilan sa likod ng pag-uugali ay nailalarawan o nakatuon sa teoryang ito. Maaring gamitin ang pagkatao na maipapakita ang tunay karanasan, gampanin, at pangyayari sa buhay lalo na't sa lipunan. Nabibilang ang iba't ibang damdamin ng isang tao kagaya ng pagmamahal, panghihinayang, pangamba, at iba pa., na maaaring maging dahilan sa pag-iiba ng kaugalian. Ang maikling kwentong "Kung sa bawat pagtawag ay pagtawid sa gubat" ay naipapakita ang pagbabago o paglipat sa ibang mundo ng kaisipan ng tauhan dahil sa pangungulilang nararamdaman sa kanyang minamahal.

*Teorya ng Kritikal na Realismo*
Ayon sa teoryang ito, ang kagawaran ng lipunang burgis upang maisakatuparan ay ipakita ang mga aspekto ng may pandaraya at pananakop partikular sa lipunan. Maaring gamitin ang tunay na karanasan na nasaksihan sa lipunan. Halimbawa ay korupsyon, kahirapan, digmaan, diskriminasyon, at pagiging-alipin.Sa maikling kwentong sinuri, umiiral pa rin ang pagkakaroon ng digmaan ng mga sundalo at grupo ng mga gerilya na siyang nagdudulot ng pananakop sa magkaibang kampo ng grupo. Ang matinding pananakop at pakikipaglaban sa dalawang panig na magkalaban.

*Romantisismo na teorya*

*Teorya ng Tradisyunal na Romantisismo*
Ayon sa teoryang ito, ang romantisismo ay maaaring sumusunod sa tradisyunal na apesto sa kanyang kinabibilangan. Binibigyang pansin ang makasaysayan, pagpapanatili, o pagbalik sa katutubo at tunay na tunggalian kagaya ng nasyonalismo, pagka-Kristiyano at pagiging tradisyunal. Ang paniniwala lalo na't sa relihiyon ay maaring isang udyok na hadlang sa inaasam. Halimbawa, sa bansang Pilipinas ay patuloy na hindi mapapalaganap ang same-sex marriage dahil narin sa tradisyunal na paniniwala ng karamihan na ang babae ay dapat lamang ikasal sa lalaki. Kaugnay na naman ito sa maikling kwentong sinuri, naging hadlang sa baklang magkasintahan ang pagpapatuloy sa kanilang kinabukasan sa pamamagitan ng legal na pagpapakasal sa kadahilanang hindi maaaring ipatupad ang same-sex marriage sa bansa.

*Teorya ng Revolusyunayong Romantisismo*
Ayon sa teoryang ito, nakatuon sa paglaganap ng bagong kultura na may nagpupumiglas, pagkamarahas at pagkamakasarili. Maaaring ang tauhan ay ipaalam ang kanyang pag-ibig sa tao ngunit sa makasariling paraan. Nauugnay ito sa maikling kwentong sinuri, ang pangungulila ng tauhan sa kanyang minamahal na maaaring udyok sa pagbuo ng bagong negatibong kaisipan na nakakaapekto sa kasalukuyang sitwasyon at kilos ng tauhan. Naipapakita sa kwento ang kinikilos ng baklang girelya dahil sa pangungulila ng damdaming dinadala sa kanyang baklang kasintahan na nagdulot ng negatibong epekto sa kanyang kinikilos sa gitna ng labanan.

## KAUGNAY NA MGA PAG-AARAL AT LITERATURA

*Ang orentasiyon sa lipunan*
Ang mga katagang "tomboy" at "bakla" sa Pilipinasay naglalarawan ng mga lesbian na babae at gay na lalaki, at kadalasang ginagamit na magkasingkahulugan para lagyan ng label ang mga transgender (Nadal & Corpus 2013) Gayunpaman, ang kahalagahan nito ay higit pa sa sekswal na oryentasyon at kasama ang mga katangian ng pagkakakilanlan, kultura, at komunidad. Sa mga diksyunaryong Tagalog, ang terminong "bakla" (kasingkahulugan para sa "bakla") ay inilarawan din bilang “hermaphrodite” at malawakang ginagamit upang tumukoy sa homosexuality, hermaphroditism, cross-dressing, at effeminacy (Manalansan 2003). Hindi tulad ng Kanluraning mga bansa, na tinutumbasan ang mga aksyong seksuwal ng parehong kasarian sa pagiging bakla o lesbian, hindi mahigpit na iniuugnay ng lipunang Pilipino ang sekswal na pag-uugali sa oryentasyong sekswal; sa halip, ang seksuwalidad ay natutukoy sa kasarian ng pag-uugali o sekswal na tungkulin ng isang tao (Manalansan 2003). Bukod dito, ang terminolohiyang ito ay maaring masangkot ang pangkalahatang pananaw, sakop nito ang lalaking kumikilos/nagkakagusto ng pambabae at sa mga babaeng kumikilos ng pang lalaki ay matatawag na “tomboy” , kasalungat sa kanluraning perspektibo na may natatanging salita ang naitatalaga sa bawat natatanging katangian na nasasakop pa rin sa LGBTQIA+ spectrum o isang halimbawa lang ng natatanging gawi. (i.e., Bisexual para sa mga taong nagkakagusto sa dalawang kasarian, Drag Artist para sa mga kalalakihang nagsusuot ng mga sopistikadong kasuotang pambabae na layuning makapagbigay aliw sa mga madla).

*Issue na kinakaharap ng mga bakla*
Bagama't may mga batas na nagpoprotekta sa kanila at kinikilala sila ng mundo, pinapayagan lang ang mga taong may iba't ibang pagkakakilanlan ng kasarian sa halip na ganap na tanggapin sa Pilipinas. Ang pagiging bakla ay malawak na nakikilala ngunit ito’y hindi lubusang tanggap ng lipunan, dulot ng stereotyping at marami pang kadahilanan, ito’y nagdudulot ng diskriminasyong, mga isyu sa trabaho, pabahay, kalusugan, atb. 46% ng mga manggagawang LGBT ay nakaranas ng hindi patas na pagtrato sa trabaho sa isang punto sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang mga empleyado ng LGBT na 38% ay iniulat na nakakaranas ng panliligalig sa trabaho. Bukod dito, 34% ng mga empleyado na LGBT ay umalis sa kanilang pinapasukang trabaho dahil sa pagtarato ng kanilang amo (Sears, et al. 2021). Gayundin, natuklasan ng isang kamakailang pananaliksik ng United Nations na malaking porsyento ng mga taong lesbian, gay, bisexual, transgender at intersex (LGBTI) – dalawang pu’t isang (21) porsyento ng mga respondent sa China, tatlumpung (30) porsyento sa Pilipinas at dalawang pu’t tatlong (23) porsyento sa Thailand – ay iniulat na hina-harass, binu-bully o diskriminasyon habang nasa trabaho (UNDP & ILO 2018).

Higit sa 68 porsyento ng mga LGBTQ na mag-aaral ang nagsabing hindi sila ligtas sa paaralan dahil sa pagkakaiba ng pinapakita sa hindi bababa sa isa sa kanilang aktuwal o inakala na mga personal na katangian, halimbawa, ang kanilang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan o pagpapakita ng kasarian. (Pendharkar 2002). Dagdag pa sa ulat ni Pendharkar (2002), abing-animna porsyento ay binu-bully dahil sa kanilang pagkakakilanlan; tatlumpu't isang porsyento ay inaabuso sa pisikal, halimbawa, sa pamamagitan ng pagkupkop o pagkakaladkad. Higit sa labing dalawang porsyento ay binubugbog, halimbawa, pinagtulungang, pinagsuntukan, o nasaktan sa pamamagitan ng isang armas. At saka, ayon sa pananaliksik ng Philippine LGBT Hate Crime Watch research sa karahasan laban sa LGBT populasyon sa Pilipinas, humigit-kumulang isang daan at apat na pu’t isang (141) pagkamatay ng mga LGBT na may samu’t-saring motibo gaya ng poot o pagkiling, ekstrahudisyal na pagpatay, at karahasan na nauugnay sa diskriminasyon na nauugnay sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlang pangkasarian ay naidokumento sa mga ulat ng media mass media at oral mga patotoo mula noong 1996.

*“Same-sex” na pagsasama sa isang Katolikong bansa*

Same-sex marriage, ito’y ay isang mapaghamong paksa sa Pilipinas dahil sa impluwensya ng relihiyon sa halos Katolikong bansang ito, kung saan minsan ay inilalarawan ito bilang isang moral na tanong. Isang pangunahing salik sa konteksto ng Pilipinas ang impluwensya ng ang Simbahang Katoliko, na mahigpit na tumututol sa kasal ng magkaparehong kasarian (Villegas 2015). 80 milyong tao sa Pilipinas, humigit-kumulang walong pu’t limang porsyento ng populasyon, na nag-aangkin na sila’y may pananampalatayang Katoliko (De Guzman 2022). Sa ibabaw, ito ay maaaring magmungkahi na ang nangingibabaw na Katolisismo sa Pilipinas ay tiyak na mahulaan ang mga negatibong saloobin patungo sa same-sex marriage dahil sa labag ito sa utos ng bibliya. ang pagiging relihiyoso ay na nauugnay sa mga negatibong saloobin sa kasal ng parehong kasarian (Duncan & Kemmelmeier 2012; Herek 2011; Koleva, et. al. 2012; Olson, et. al. 2006). Gayunpaman, ang pagiging relihiyoso ay madalas na sinusukat sa mga tuntunin ng pagdalo sa relihiyon, hindi kasama ang iba pang relihiyosong pag-uugali. Ang pag-unawa sa pagiging relihiyoso ay lalong mahalaga para sa sikolohiya ng LGBT sa Pilipinas, dahil sa papel ng relihiyon sa ating kontekstong sosyo-kultural (Ofreneo2013). Ang isang posibilidad ay maaaring ang stigmatization na iyon ng mga bakla ay mas malalim na nakatanim sa mga sa mga kumbensyonal na interpretasyon ng partikular na mga talata sa Bibliya na nagbibigay-diin sa pagiging makasalanan ng homosexual gawa (Yip 1997).

*“Same-sex” na pagsasama ng mga mandirigmang girelya*

Noong Pebrero 4, 2005, isinagawa ng New People's Army (NPA) ang unang same-sex marriage sa Pilipinas. Dalawang mandirigmang gerilya na lumahok sa armadong pakikibaka laban sa maka-U.S. ang rehimen sa Maynila, sina Ka Andres at Ka Jose, ay nagpalitan ng kanilang mga panata sa harap ng kanilang mga kasama, kaibigan at lokal na mga taganayon (Dowell 2005). Gayundin, Isang pulang-pula na watawat na may gintong martilyo at karit na nakasabit sa kanilang mga balikat, sina Maymay at Diane ay naghalikan sa isa't isa sa seremonya ng kasal na pinangangasiwaan ng Communist Party of the Philippines (CPP). Ito ang kauna-unahang lesbian wedding sa Mindanao at nangyari ito sa ilalim ng canopy ng mga puno na binabantayan ng mga armadong gerilya. Ang kauna-unahang ganoong kasal ay ginanap daw sa isang lugar sa Metro Manila (Manlupig 2016). Panghuli, ayon sa pananaliksik ni Alburo (2011) na may kinasasangkutan ng mga panayam sa 12 gay na lalaki na dating nagsilbi sa NPA gayundin sa dalawa pangunahing impormante. Ang kaso ng mga bakla sa NPA ay nagpapahina sa isang heterosexualized militar na pagkalalaki na nagdudulot ng heteronormative na imahe ng sundalo bilang isang tunay na lalaki ay naka-pattern sa pagiging malakas, agresibo, at bihasa sa sining ng digmaan. Ang pagpapalista ng mga lalaking homosexual sa New People’s Army ay gumagawa hindi lamang isang 'bagong tao' kundi pati na rin, na may backdrop ng armadong pakikibaka, isang “bagong taong handang mamatay”—at pumatay pa nga—para sa rebolusyonaryong layunin. Ito "bagong militar na tao" ay nag-claim ng isang puwang sa hukbo nang hindi sumusunod sa isang heterosexual na pangangailangan, paglikha ng puwang para sa mga alternatibong pagkalalaki na pwedeng masiyasat.

## METODOLOHIYA

*Paraan ng pangagalap ng datos*
Nagtipon-tipon at isa-isang nagbigay ng ideya ang mga manunuri kung anong maikling kwento ang maaaring gawan ng pananaliksik. Bago nito, sila’y humanap ng mga maikling kwento na pinarangalan ng Don Carlos Palanca Awards, mga kwentong unang napili ng mga mananaliksik ay “Ang Value ng X Kapaga Choppy si Mam“, ngunit naangkin na ito ng ibang grupo. Ang mga mananaliksik ay naghanap muli sa iba’t ibang websayt sa internet upang humanap ng maikling kwento parehong may kopya o isang PDF file na maaaring gamitin upang mabasa ang kwentong mapipili at isang Don Carlos Palanca Awardee. Natagpuan at binasa nila ang maikling kwentong “Kung sa bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat”, at na siyang pinili ng mga mananaliksik sapagkat nakitaan ito ng isang natatanging paksa na patuloy na tinatalakay sa ating lipunan. Ito rin ay naitala sa opisyal na websayt ng Palanca Awards na siyang nagwagi rin sa nasabing parangal na isinulat ni Alec Joshua B. Paradeza at naitala noong taong 2022.

Pagkatapos mapili ng mga mananaliksik ang maikling kwento, ang grupo ay nahahati sa limang "subgroup" at ang nangungunang mananaliksik ay nagtatalaga sa bawat "subgroup" na magbasa ng dalawang pahina ng kwento at humiling na gumawa ng mga tala sa mahahalagang paksa o tema na tinutukoy sa mga pahina na maaaring magsilbing gabay sa pag-aaral.

Ang sumunod na ginawa ng mga mananaliksik, nag-isip at nag-brainstorming ito ng mga tanong na tutugunan sa pamamagitan ng napiling maikling kwento, pinag-aralan ang mga teoryang magagamit at kaugnay na literatura, at sa huli ay nabuo ang pamagat.

*Pag-aanalisa ng mga datos*
Ang kwentong "Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat" ay nagbibigay ng malalim na pagsusuri sa buhay ni Ruel at ang kanyang pakikipagsapalaran sa gitna ng mga pagsubok at pangarap. Tinalima ni Ruel ang paglaban sa militar at pagsuway sa gobyerno, ito ay nagpapakita ng isang masusing pag-unawa sa kalagayan ng lipunan. Maaaring ituring itong simbolo ng pangkalahatang kaguluhan at pang-aapi sa lipunan, kung saan maraming nangangarap ng pagbabago. Ang pagkawala ni Ino ay nagdudulot ng malaking epekto kay Ruel. Maaaring ito ay tumutukoy sa isang hindi inaasahang pangyayari sa buhay ng isang tao, na maaaring magsilbing motibasyon o hadlang sa pagtupad ng mga pangarap.

Ang relasyon kay Ino ay nagiging pahinga at pangarap ng tahimik na buhay para kay Ruel. Ito ay nagsisilbing "escapade" mula sa gulo at kaguluhan ng kanyang karanasan, na nagpapahayag ng pangarap ng marami na makatakas mula sa mga problema. Ang pagnanasa ni Ruel na maging masaya at makamtan ang pangarap na kasama si Ino ay nagpapakita ng matinding pagpupursigi at pag-asa. Ito'y naglalarawan ng determinasyon na abutin ang kaniyang mga pangarap, pati na rin ang kaniyang hangarin sa kabila ng mga pagsubok. Ang maikling kuwento sa pangkalahatan ay isang makulay na paglalakbay ni Ruel sa kanyang sariling mundo, puno ng pag-asa, pangarap, at pakikipaglaban sa mga suliraning hinaharap.

## INTERPRETASYON AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

*Karanasan ng “same-sex couple” na si Ruel at Ino*

Ang maikling kuwentong ay umiikot sa baklang magkasintahan na si Ruel at Ino. Si Ruel ay isang baklang bahagi ng mga gerilya na may malalim na pagmamahal sa kasintahang si Ino. Naipapakita sa kuwento ang lubos na pagmamahal ni Ruel sa kanyang kasintahan maging magkalayo man sila at habang nilalakbay ni Ruel ang kagubatan upang magampanan ang responsibilidad sa digmaang girelya.

Naipapakita ni Ruel ang lubosang pangungulila sa kanyang kasintahan. Naging malayo ang dalawa sa isa't isa sa dahilang kinakailangan ni Ruel umalis at sumama sa ibang kasamahang girelya. Bagaman ang sikolohikal na pagkakalapit ay isang tanda ng matalik na romantikong relasyon, hindi maiiwasang may mga pagkakataon sa isang relasyon ay hindi posible ang geographic closeness (Mashek & Aron 2004). Ayon naman kay Loving, et al. (2010), ang heograpiyang paghihiwalay ay maraming dahilan kabilang ang militar deployment , pagkakakulong, at iba pa. Ang pagtagal ng relasyong may malayong distansya o long-distance ay maaring aabot sa ilang minuto, oras hanggang sa maging buwan, at taon. Maraming dahilan ang pagkalayo sa romantikong karelasyon kabilang na affective ang pakiramdam malungkot, cognitive: day-dreaming tungkol sa kasintahan, at behavioral ang pakikipag-usap tungkol sa minamahal sa mga kaibigan.

Sa bawat paglalakbay sa gubat naging mahirap ito para kay Ruel dahil kasabay sa bigat ng kaniyang pinapasan ang emosyon na dinadala sa sarili dahil sa paghihirap at pagdurusa bilang isang mandirigmang girelya. Ang epekto ng emosyon sa isang gawaing nagbibigay-malay na kadalasang itinuturing na isang pagsubok ng rational thinking: logical reasoning (Jung, N., et. al., 2014). Ang lohikal o deduktibong pangangatwiran ay sangkot ng paglalagay ng isang ibinigay na kabilang sa mga katotohanan o data upang mahihinuha ang iba pang mga katotohanan sa pamamagitan ng lohikal na pangangatwiran. Gayunpaman, ang emosyon ni Ruel ay binubuo ng kanyang logical reasoning upang harapin o iwasan ang katotohanan.

Ang karanasang pakikipaglaban ni Ruel sa militar ay maaaring iugnay sa mga laban ng mga LGBT na sundalo laban sa diskriminasyon sa loob ng militar. Tulad ng naging paksang pinagtuunan ng ulat, maaaring maging salik ng kaguluhan at pang-aapi ang mga patakaran ng militar na hindi patas sa mga LGBT na miyembro. Ang pagkawala ni Ino, ang karelasyon ni Ruel, ay maaaring magdulot ng pangungulila at pakiramdam ng pagkakaisa ng itinuturing na importante rin sa mga LGBT na miyembro ng isang hukbo. Ang mga relasyon sa loob ng militar ay maaaring magdulot ng kahalagahan at suporta, at ang pagkawala nito ay maging magdulot ng epekto sa kalagayan at kapakanan ng sangkatauhan.

*Ang epekto ng mga karanasan sa lipunang ginagalawan*

Ang kwento ay umiikot sa relasyon nina Ruel at Ino, LGBTQ+ couple mula sa isang hindi tradisyonal na lipunan. Ang relasyon ni Ruel kay Ino ay hindi lamang personal na relasyon kundi repleksyon din ng kanilang komunidad. Ang relasyon nila ni Ino at ang sitwasyon ng kanilang pamilya ay nagpapakita ng impluwensya ng LGBTQ+ community sa Pilipinas. Binigyang-diin ng kuwento ni Ruel ang kahalagahan ng paggalang sa pagkakaiba-iba at pagkilala sa may relasyong kagaya nila upang gumawa ng isang mas inklusibong lipunan.

Sa pag-aanalisa ng kwentong "Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat" sa konteksto ng layuning nasusuri ang epekto ng mga karanasan sa lipunang ginagalawan ng kuwento, matatagpuan ang malalim na ugnayan sa pagitan ng personal na karanasan ni Ruel at ang mga hamon at realidad ng lipunang kanyang kinabibilangan. Unang-una, ang pakikipaglaban ni Ruel sa militar at ang kanyang pagtatangka na iwasan ito ay nagpapakita ng hindi pagtanggap sa sistemang pampulitika at militaristikong kontrol sa kanyang komunidad. Ang ganitong pagkilos ay isang repleksyon ng kaguluhan at pang-aapi na umiiral sa lipunan, kung saan ang mga mamamayan tulad ni Ruel ay nagtitiyagang lumaban upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at kalayaan. Pangalawa, ang relasyon ni Ruel kay Ino ay naglalarawan ng isang panandaliang saglit ng kahimbingan at kasayahan sa kabila ng mga hamon ng kanyang kapaligiran. Sa gitna ng kaguluhan at kahirapan, nagiging mahalaga ang pagkakaroon ng isang katuwang upang magbigay ng kapanatagan at pag-asa sa buhay. Ito ay isang porma ng pag-takas mula sa realidad ng lipunang puno ng tensyon at labis na pangangailangan. Pangatlo, ang pangarap ni Ruel na magkaroon ng isang masaganang

pamilya at ang pagtahak niya sa iba't ibang mundong posibleng maging bahagi ng kanyang buhay ay nagpapakita ng kanyang pagnanais na mahanap ang sarili at makamit ang kanyang inaasam kahit na sa anong pagsubok. Ito ay isang pagtatakdang-gabay sa gitna ng pagbabago at kawalan ng katiyakan sa hinaharap, na nagpapakita ng kakayahan ng indibidwal na mag-ayos at mag-adjust sa mga pagbabagong kanyang kinakaharap.

Ang pag-aaral ng mga kuwento tulad ng kuwento ni Ruel na naglalarawan ng mga pinagdadaan mga same-sex na magkasintahan tulad nina Ino at Ruel, nakikita natin ang mga paralelismo sa kanilang mga buhay at sa mga karanasan ng mga LGBTQ+ na komunidad sa kasalukuyang panahon. Batay sa datos mula sa National LGBTQ Youth Report ng The Trevor Project (2019) patuloy na nakakaranas ng diskriminasyon ang mga LGBTQ+ na kabilang na ang mga same-sex couples tulad nina Ino at Ruel, sa kanilang pamilya at lipunan. Mula sa kuwento ni Ruel, na nagpapakita ng pakikibaka at paglalakbay ng isang same-sex couple sa gitna ng mga hamon at pagsubok, natatangi natin ang mga karanasang hindi lamang kanila, kundi ng maraming iba pang LGBTQ+ na magkasintahan. Ang kanilang mga karanasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagbubukod ng pagtanggap mula sa sariling komunidad, na maging mahalaga sa pangkalahatang karanasan ng mga LGBTQ+ na indibidwal at relasyon. Sa napag-aralang mga datos mula sa mga mag-aaral at report, tulad ng nasabing National LGBTQ Youth Report, at iba pang mga sanggunian, nakikita natin ang paghihirap na hinaharap ng mga same-sex na magkasintahan sa kasalukuyang panahon. Nagpapakita ng mga diskriminasyon sa trabaho, paaralan, at iba pang aspeto ng buhay, na maaaring maging katulad ng mga karanasan nina Ino at Ruel sa kanilang relasyon. Sa kabuuan, ang interpretasyon at pagsusuri ng mga datos ay nagbibigay ng pagpapahalaga sa pangangailangan ng patuloy na pagtanggap at ang kaugaliang bigyang suporta ang mga same-sex na mga magkasintahan tulad nina Ino at Ruel sa kasalukuyang panahon. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unawa at paggalang sa kanilang mga karapatan bilang mga indibidwal at mga miyembro ng LGBTQ+ na komunidad, habang patuloy silang lumalaban para sa pantay na pagtrato at pagkilala.

*Koneksiyon sa kasaysayan ng Pilipinas*

Ang maikling kwentong "Kung sa bawat pagtawag ay pagtawid sa gubat" ay may labing-anim na pahina. Ang nakapaloob sa labing-anim na pahina ay naipapakita ang kasalukuyang pangyayari sa totoong buhay. Ang paglalakbay ng isang baklang si Ruel sa kagubatan kasama ang ibang kasamahan na kagaya niyang girelya. Ang magbigat niyang dinadama sa bawat pagtawid sa gubat dahil inaasam ang kalayaan upang makasama muli ang kanyang minamahal na si Ino.

Ang pangarap lamang ni Ruel ay makalaya sa sapilitang kabuhayan bilang isang girelya, nais niyang makasama nalang sa mapayapang kapaligiran ang karelasyong si Ino na kagaya niya na isang bakla. Naging mahirap ang paglalakbay ni Ruel sa kagubatan upang sapilitang makipagsapalaran, dahil ang nasa puso't isipan niya lamang ay ang mga matatamis na alaalang iniwan sa kanya ng kanyang karelasyon. Ang sobrang pag-iisip at pangungulila ni Ruel ay naging sanhi sa pagkawala ng kanyang sarili sa kasalukuyang kapaligiran na kinaroroonan, naging pabigat sa kasamahan at tuluyang nawala sa sarili.

Madalas na hinaharap ng mga LGBT ang mga panlipunang pwersa na itago, pigilin, o kahit subukan baguhin ang kanilang pagkakakilanlan at ekspresyon bilang kondisyon para sa kanilang sosyal na pagtanggap at pagtatamasa ng mga karapatan. Bagaman maraming LGBT ang natutuhan nang harapin ang ganitong panlipunang stigma, ang mga karanasang ito ay maaaring magdulot ng seryosong pisikal na pighati, kabilang ang mga agarang epekto tulad ng takot, lungkot, pagkakahiwalay, galit, at internalisadong stigma. Ang anti-LGBT na pagnanais at diskriminasyon ay karaniwang batay sa retorika ng moral na paghatol at

pinapalakas ng kamangmangan o walang basehang mga paniniwala na nag-uugnay ng mga ekspresyon ng kasarian at oryentasyong sekswal sa psikopatolohiya o hindi pag-aayos. Ang kwentong "Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat" ay may mga paralelismo rin sa mga isyu at karanasan ng LGBT (Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender) na mga miyembro ng militar, tulad ng binanggit sa ulat na "LGBT Military Personnel: A Strategic Vision for Inclusion" ni Galdiga (2010).

Si Ruel ng muling gunigunihin sa maaring kinabusan nila ni Ino nagkaroon sila ng kanilang bahay, ampon na anak, maayos na trabaho at legal na kasalan. Napaisip si Ruel kung nasaan siya sa imahinasyon niya "Nasa Pilipinas pa rin, pero posible na ang gay marriage". Ito ang mga salitang nauugnay sa batas ng Pilipinas. Ang batas ay limitado lamang sa pagsasama ng "lalaki at babae", na naglalagay ng mga LGBTQ+ couples sa isang hindi patas na sitwasyon sa lipunan. Nagdulot ito ng hindi pagkakapantay-pantay sa batas at hindi pagkilala sa kanilang mga relasyon, na siyang nagpapalala sa kanilang kalagayan sa lipunan.

Ang tanging inawan lamang ni Ino kay Ruel ay kapag kailangan siya ni Ruel ay hahanapin niya lamang ang tali sa hangin nang sa paraang iyong ay makikita niya muli ang karelasyon na si Ino, ngunit "Ilang beses na niyang sinubukan noon, pero wala siyang mahagilap na tali, kahit sinulid ay wala". Ang seremonya ay puno ng simbolikong imahe ng pangako ng dalawang kasama sa isa't isa bilang miyembro ng mag-asawa, gayundin ang kanilang pangako sa rebolusyonaryong pakikibaka. Hinawakan ng dalawang lalaki ang kamay ng isa't isa sa buong kasal, at isang bala sa isa bilang representasyon ng kanilang pangako sa armadong pakikibaka (Dowell 2005). Ang taling sinabi ni Ino kay Ruel ay isang simbolo ng kanilang patunay na pagmamahalan bilang bakla.

Sa Pilipinas, ang same-sex marriage ay lubos na nangingibabaw na pinagtatalunan dahil sa epekto ng relihiyon sa pangunahin nitong Katoliko. Ngunit naisasagawa ito ng mga girelya sa kabundukan na una rito sa Pilipinas, gumagamit ng mga makabagay na simbolo upang maipakita ang kanilang malalim na pagsasama, taliwas man sa batas at hindi legal, mas umiiral ang pagmamahalan ng mga indibidwal na ito sa isa't isa. Sa ating bansa, ito ay madalas na inilalarawan bilang isang isyu sa moral. Gayunpaman, ang pinagbabatayan ng mga pinagmulan ng relihiyosong impluwensyang ito ay ginagarantiyahan pa rin.Sa karagdagang imbestigasyon, kaya sinisiyasat namin ang papel ng mga gawi sa relihiyon at moral na batayan sa paghula ng mga damdamin para sa same-gender marriage.

## KONKLUSYON

Ang pag-aaral ng mananaliksik sa maikling kuwentong "Kung sa bawat pagtawag ay pagtawid sa gubat" ay nagsiwalat ng kahalagahan ng pagigingmulat sa realidad, kasalukuyang pagbabago ng lipunan, ang natatanging pagsubok na hinaharap ng mga indibidwal sa kanilang bawat pinagmulan.Binigyang-diinnito ang kabuluhan na ipaunawa at pagpapahalaga sa mga karanasan at damdamin ng magkaparehasnakasarian sa lipunan, katulad sa mga indibidwal naapektado sa digmaan at lubos ang pananabik sa kanilang mga mahal sa buhay.

Ang maikling kuwento ay naglalarawan ng damdamin ng isang taongnagnanais ng panghabambuhay atmasayangrelasyonsa kanilang karelasyon na may parehong kasarian. Bukodparito, ang bida, isang miyembro ng isang naglalabanang pangkat, ay dumaranas ng matinding kalungkutan dahil sa kanilang kawalan ng kakayahang pumili ng mapayapang kinabukasan na nagbibigay-daanpara sa kalayaan. Ito ay naglalaman ng isang pakiramdam ng paghiwalay mula sa kanilang kapaligiran, dahil ang kanilang pag-iisip ay hinuhubog ng kanilang nangingibabaw na damdamin.

Napapalawak ang kamalayan at pagtibayin ang usapan na pumapatungkol sa mga isyu ng pagkakakilanlan, diskriminasyon, at mga ibang hinaharap ng mga taong may gusto sa kaparehong kasarian nila. Nagsasalamin sa mga karanasan at pag-asa ng same-sex couple at

militar sa lipunan. Ang paglinang upang mas lalong maunawan at bigyang kalayaan sa pagtanggap at pagtangkilik ng mga maikling kwentong nagbibigay pagpapahalaga sa kultura, lipunan, at damdamin ng mga baklang indibidwal at militar ng Pilipinas.

Ang pinakatumatak sa isipan ng mananaliksik ay ang pagpapahalaga sa damdamin ng bawat indibiwal kabilang ang mga same-sex couple sa lipunan. Pagtibayin at maging bukas sa palad kung ano ang ninanais ng isang indibidwal kagaya ng mga bakla, at ang mga damdaming buhat sa lalim ng pagmamahal sa isang tao. Ang pagtatalakay sa sosyal, kultural at personal na karanasan ng mga bakla o taong nagmamahal ay nakakalutong sa pagsalaysalay na patunayan at yakapin kung ano ang kanilang nararamdaman at tunay na pagkataong maipapakita sa kanilang lipunan.

TALASANGGUNIAN

Alburo, K. Z. (2011). Brothers, lovers, and revolution: negotiating military masculinity and homosexual identity in a revolutionary movement in the Philippines. Asia-Pacific Social Science Review. 11:2, pp. 27-42. https://www.researchgate.net/publication/235634575

Castillo, P. J. (2019, May 10). Mga teorya at dulog sa pagsusuring pampanitikan[Slideshow].SlideShare.https://www.slideshare.net/PjCastillo2/mga-teorya-at-dulog-sa-pagsusuring-pampanitikan

De Guzman, C. (2022). In the Philippines, You Can Be Both Openly LGBT and Proudly Catholic. But It's Not Easy. Times.

Dowell, L. (2005). New Peoples Army recognizes same-sex marriage. Wrokers World.

Duncan, M. L., & Kemmelmeier, M. (2012). Attitudes toward same-sex marriage: An essentialist approach. Analyses of Social Issues and Public Policy, 12(1), 377–399.

Galdiga, J., Marten, P., Sweijs, T.,Polchar, J.(2014. LGBT Military Personnel: A Strategic Vision for Inclusion. The Hague Centre for Strategic Studies https://books.google.com.ph/books?id=codBBAAAQBAJ

Herek, G. M. (2011). Anti-equality marriage amendments and sexual stigma. Journal of Social Issues, 67(2), 413-426

Hayaan niyo nalang kami: Diskriminasyon sa mga estudyanteng LGBT sa Pilipinas. (2016). Human Rights Watch.
https://www.hrw.org/sites/default/files/report_pdf/philippines0617tagalog_summandrecs.pdf?fbclid=IwAR2Ol1CPkSOClgDB1uRI5CmjJ4xAbQxNjP9OvrWvx6JhwwRYhGWN8wKpaW

Jung, N., Wranke, C., Hamburger, K., & Knauff, M. (2014). How emotions affect logical reasoning: evidence from experiments with mood-manipulated participants, spider phobics, and people with exam anxiety. Frontiers in psychology, 5, 570.

Kadipan.(n.d.).Mga teoryang pampanitikan.https://kadipanvalsci.blogspot.com/2010/08/mga-teoryang-pampanitikan.html

Koleva, S. P., Graham, J., Iyer, R., Ditto, P. H., & Haidt, J. (2012).Tracing the threads: How fve moral concerns (especially Purity) help explain culture war attitudes. Journal of Research in Personality, 46(2), 184-194.

Loving, T., Korn, M., Le, B. (2011). Missing you maintains us: Missing a romantic partner, commitment, relationship maintenance, and physical infidelity. Journal of Social and Personal Relationships. 28(5), 653-667. https://doi.org/10.1177/0265407510384898

Le, B., Korn, M. S., Crockett, E. E., Loving, T. J. (2010). Missing you maintains us: Missing a romantic partner, commitment, relationship maintenance, and physical infidelity. Journal of Social and Personal Relationships, 28(5) 653–667. doi.org/10.1177/0265407510384898

Manalansan, M. F., (2003). Global divas: Filipino gay men in the diaspora. Durham. North Carolina: Duke University Press

Manlupig, K. (2016). Love is love in communist movement. Inquirer.Net

Mashek, D. J., & Aron, A. P. (2004).Handbook of closeness and intimacy.Lawrence Erlbaum Associates Publishers. https://psycnet.apa.org/record/2004-00238-000

Motaño, D. E., Deguma J., Deguma, M. C., Capuno, R. (2022). You and me against the world: Biographical narrative analysis on same-sex couples' experiences in the Philippines.Academic Journal of Interdisciplinary Studies 11(1):169. 10.36941/ajis-2022-0015

Nadal, K. L., & Corpus, M. J. H. (2013). "Tomboys" and "baklas": Experiences of lesbian and gay Filipino Americans. Asian American Journal of Psychology, 4(3), 166–175. https://doi.org/10.1037/A0030168

Ofreneo, M. A. P. (2013). Towards an LGBT-inclusive psychology: refecting on a social change agenda for Philippine psychology. Philippine Journal of Psychology, 46(2), 5-17.

Olson, L. R., Cadge, W., & Harrison, J. T. (2006). Religion and public opinion about same-sex marriage. Social Science Quarterly, 87(2), 340-360.

Sears, B., Mallory, C., Flores, A. R., Conron, K. J. (2021). LGBT People's Experiences of Workplace Discrimination and Harassment.

The Trevor Project.(2019). National Survey on LGBTQ Mental Health.https://www.thetrevorproject.org/survey-2019/?section=Methodology

THE STATUS OF LESBIAN, GAY, BISEXUAL AND TRANSGENDER RIGHTS IN THE PHILIPPINES Submission to the Human Rights Council for Universal Periodic Review 13th Session

UNDP, ILO (2018). LGBTI People and Employment: Discrimination Based on Sexual Orientation, Gender Identity and Expression, and Sex Characteristics in China, the Philippines and Thailand.

Easha, P. (2018). What School Is Like for LGBTQ Students, By the Numbers.

Villegas, S. B. (2015, August 28). A pastoral response to the acceptance of homosexual lifestyle and the legalization of homosexual unions.

Yip, A. (1997).Attacking the attacker: Gay Christians talk back. The British Journal of Sociology, 48(1), 113-127.